Pangalan: ___________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ___________ Petsa Nang Natapos: ___________Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Taglay Kong Katangian Ang Magalang na Pananalita

**I. Panuto:** Isulat sa wastong pagpapantig ang mga salita. Pagkatapos ay hanapin sa diksiyonaryo ang kahulugan ng mga salitang pinantig.

| Salita | Pagpapantig | Kahulugan |
|---|---|---|
| masungit | | |
| malamyos | | |
| naantig | | |
| retirado | | |
| bihira | | |

**II. Panuto:** Kulayan ang masayang mukha ☺ kung nagpapakita ng paggalang at malungkot na mukha ☹ kung walang paggalang ang nagsasalita sa bawat sitwasyon.

☺ ☹ 1.“Magandang umaga sa inyo, Gng. Marquez.”
☺ ☹ 2. “Makikiraan sa inyo.”
☺ ☹ 3. “Abot mo nga ang aklat ko.”
☺ ☹ 4. “Pakiabot naman ng ulam.”
☺ ☹ 5. “Maaari ba akong makisabay sa pag-uwi?”

**III. Panuto:** Sumulat ng pangungusap batay sa hinihingi ng sitwasyon. Isulat nang kabit-kabit ang iyong sagot. Tiyaking may tamang laki at layo sa isa’t isa ang mga salita.

**Sitwasyon 1**

Mababa ang iyong iskor sa pagsusulit sa asignaturang Filipino. Hindi mo kasi gaanong naintindihan ang inyong aralin. Kailangan mo ang tulong ng iyong magulang. Paano mo ito sasabihin sa kanila?

**Sitwasyon 2**

Hindi mo nadala ang iyong krayola sa klase. Ibig mong manghiram sa iyong kaklase. Paano ka manghihiram?